

# 1

“Kung ’yan ang gusto mo, bahala ka!” sigaw ni Banjo sabay balibag ng pinto paglabas nito ng kuwarto.

Sinubukan ni Jean na maging mahinahon ang eksenang ito. Umaasa siya na maging magkaibigan man lang sila kahit para sa mga anak nila, pero kahit iyon hindi nila kaya. Tanggap na niya na hindi siya minahal at mamahalin ni Banjo bilang asawa, pero sana—sana kahit pagmamahal man lang bilang kaibigan ay kaya nitong ibigay para kahit papaano maramdaman niya na naging mahalaga rin naman siya rito.

Nagkakilala sila sa isang burger joint na pinagtrabahuhan ni Jean at tinatambayan naman ni Banjo.

Isang working student si Jean, nagtitinda ng ‘Buy 1 Take 1’ burger. Mahirap lang ang pamilya niya, pero masaya naman. Nagtitinda ang kanyang ina ng kakanin at laborer ang kanyang ama. Lima silang magkakapatid, at siya ang panganay.

Business Administration ang course niya sa isang college sa Quezon City at nagtrabaho mula hapon hanggang gabi. Minsan hindi pumapasok sa trabaho ang karelyebo niya, kaya ibig sabihin hanggang kinabukasan na siya. Tuloy lagi siyang may dalang extra na damit, kasi direktso na siya sa school.

Buti na lang katabi ng burger joint ang gasolinahan, isa lang

kasi ang may-ari, kaya hindi na niya aalalahanin pa ang kaligtasan ng lugar. Marami din ang bumibili sa pwesto, kadalasan ay anak-mayayaman na nakatira sa malapit na subdivision.

Ang ama ni Jean na si Mang Lito ay nagmula sa may-kayang pamilya, pero dahil sa pagsusugal ng kanyang lolo ay naipagbili ang lahat ng ari-arian ng mga ito. Dahil umano doon kaya hindi na nakatapos sa pag-aaral ang kanyang ama.

Ang nanay niyang si Aling Sonia ay taga-Saranggani at namamasukang tindera sa isang karinderya na malapit sa pier nang makilala si Mang Lito na nagtatrabaho sa isang kalapit na construction site.

Musmos pa lamang ay namulat na si Jean sa paghahanap-buhay. Tumutulong siyang magluto ng kakanin at pang-almusal. Wala pa silang sariling bahay at puhunan noon—at habang naglalako ang kanyang ina, si Jean naman ang nagbabantay sa mga kapatid.

Nabiyayaan sila ng gobyerno ng pabahay noong nasa fourth year high school na siya at nakapagpatayo sila ng maliit na sari-sari store at maliit na karinderya. Ganoon pa man ay kapos pa rin, sa dami ba naman nila. Hindi muna sana siya mag-aaral ng kolehiyo pero nabigyan siya ng oportunidad na mag-working student. Kaya nagpursigi si Jean. Gusto niyang makatapos ng pag-aaral at makaahon sa hirap.

Pero nakalimutan niya lahat ng mga planong iyon nang

makilala niya si Banjo. Twenty years old si Jean noon at eighteen si Banjo. Buong akala niya, ang magmahal ay laging tama. Hindi pala.

Dahil nang mahal in niya si Banjo, nagawa ni Jean ang pinakamalaking kasalanan sa mga magulang.

Kadalasan ay hindi niya pinapansin ang mga lalaking nakikipagkuwentuhan sa kanya sa burger joint, pero sadyang makulit si Banjo.

Unang beses niya itong nakitang nagawi sa gasolinahan kasama ang mga barkada nitong halatang mayaman. Nag-iinuman ang mga ito sa store ng station.

Bumili si Banjo ng burger sa joint, mga alas dos na ng umaga iyon.

Gumagawa si Jean ng report sa Business Ethics subject para hindi siya antukin. At kahit hindi pa iyon ipapasa, mas mabuti na ang maagap para hindi siya magahol sa oras.

Medyo magulo din ang mga subjects ng dalaga. Basta walang prerequisite ay kinukuha niya lalo na at pwede niyang isingit sa schedule. Kaya hayun, third year irregular student siya sa edad na beinte.

“Pabili nga, tatlong burgers,” sigaw ng lalaki. Tatlong beses siguro itong tumawag bago napansin ni Jean.

“Ay sorry, pasensya na. Anong burger, Sir, regular or cheese?”

tanong niya.

“Ano ba pagkakaiba n’un?” tanong nito.

“Siguro ’yung cheese,” pamimilosopo ni Jean. Ano bang klaseng tanong iyon? Tiningnan niya ang bumibili at sinuri nang husto. Guwapo, kasing-edad niya lang siguro, at mukhang mayaman.

“Wow, smart ka ha,” sabi ng lalaki na natatawa pa.

*Lasing na yata ito*, naisip ni Jean.

“Sir, ano po ba, lalagyan ko po ba ng cheese o hindi?” tanong niya na medyo naiirita na, gusto nang ituloy ang isinusulat na report.

“Lagyan mo na ng cheese,” sagot ng lalaki.

At habang nagluluto si Jean ay sinilip nito ang ginagawa niyang naiwan sa mesa.

“Hmm, *‘The Role of Managers in Increasing the Morale of Employees... In Partial Fulfillment of the Requirements for the course... Jean Marie Delos Santos*—Wow, heavy, ikaw ba ’to? Sa ’yo?” tanong ng lalaki sa kanya.

Hindi niya mawari kung bilib ba ito o nang-aasar lang.

“Hindi, doon kay Manong na nagtitinda ng yosi. Siyempre akin, ako naabutan mong nagsusulat, di ba? Bakit ba? May problema ka?”

“Ang sungit mo naman, tinatanong lang, eh. Kasi Commerce ang course ko. Ikaw ba?”

“Business Administration,” pakli niya.

“Sa’n ka nag-aaral?” tanong uli ng lalaki.

“D’yan lang sa tabi-tabi. Eto na po order n’yo, seventy-five pesos po lahat, Sir,” sagot ni Jean. Ewan niya kung bakit naiinis siya. Siguro kasi ngayon lang may nakialam sa ginagawa niya.

“Eto bayad, Jean ‘Masungit’ Delos Santos,” sabi ng lalaki sabay tawa.

*Lasing nga yata, tumatawa mag-isa.*

Tumalikod na ito at binalikan na ni Jean ang ginagawa. Pero nabasag uli ang katahimikan makalipas ang ilang minuto, dahil bumalik ang lalaki.

“So, anong year ka na sa BA course mo?” tanong nito.

“Ikaw na naman!” nagulat na sagot ng dalaga.

“Alam mo ang sungit mo. Isusumbong kita sa management, gusto mo? Para nakikipagkuwentuhan lang, eh,” sabi nito.

Medyo nag-alala si Jean. Siyempre, kailangan niya ang trabaho, para makapag-aral.

“Third year irregular, ikaw?” aniya, medyo curious na.

“Third year regular pero eighteen pa lang ako. Maaga kasi

ako nag-aral, eh. Bakit irreg ka? Ilang taon ka na ba?”

Bakit ba ang dami nitong tanong?

“Twenty. At kaya ako irregular kasi ako ang nagpapaaral sa sarili ko. Hindi ako katulad ng ibang tao na may mayayamang magulang na nagpapaaral sa kanila, pero inuubos ang allowance sa bisyo,” nakangising sagot niya, parang nanunuya.

“Grabe ka, hindi naman ako gan’un, nagkataon lang ’to. Judgemental ka, ’no?”

“Defensive ka masyado. Guilty ka?” Nakataas ang kilay ng dalaga.

“Hindi ako guilty. Hindi mo ba kayang makipag-usap sa akin nang hindi ako tinatarayan? Mabait naman ako, eh,” sabi ng lalaki na parang tutang nakakaawa.

“Sorry, Sir, hindi kasi ako sanay sa mga customer na nakikipagkuwentuhan, kadalasan umaalis agad sila,” sagot ni Jean na medyo mahinahon na.

“Okay, pinapatawad na kita. Sabi ko sa iyo mabait ako, eh. Ako nga pala si Jorik Samaniego. It’s pronounced as Yorik, but spelled with a J. You can call me Banjo,” sabi nito sabay abot sa kamay kay Jean.

“Alam mo na pangalan ko, di ba?” tanong niya, hindi inabot ang kamay nito. Nakaramdam siyang bigla ng hiya dahil puro kalyo ang mga kamay niya.

“Oo, Jean Marie, alam ko na. Pwede ba tayong maging friends? As in friends lang,” sabi ni Banjo.

“Pwede, bakit hindi? Kung hindi mo makakalimutan,” sagot ni Jean dahil sigurado siyang bukas nakalimutan na ng lasing na si Banjo ang eksenang ito.

“Hindi ko makakalimutan. Bukas babalik ako dito, at kapag bumalik ako, ililibre mo ako ng burger. Deal?”

“Deal,” aniya.

Iyon ang unang beses nilang pagkikita at iyon din ang nagbigay-daan sa kanilang pagkakaibigan. Kaya nga kahit pagkakaibigan lang ay hinahabol ni Jean kay Banjo.

Dahil noong magkaibigan lang ay masayang-masaya sila.